**ABISO NG SAN DIEGO COUNTY CONSORTIUM TUNGKOL SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG AT ABISO TUNGKOL SA PAGIGING AVAILABLE**

**CONSORTIUM NG COUNTY NG SAN DIEGO TAUNANG PLANO PARA SA 2024-25**

**GAWAD NA SALAPI MULA SA PANGUNAHING GOBYERNO (BLOCK GRANT) PARA SA PAGPAPAUNLAD NG KOMUNIDAD, MGA PAGSOSOSYO SA PAMUMUHUNAN SA BAHAY (HOME), GAWAD NA SALAPI PARA SA MGA SOLUSYON SA EMERGENCY (EMERGENCY SOLUTIONS GRANT, ESG), AT MGA PONDO PARA SA PROGRAMA NG MGA OPORTUNIDAD SA PABAHAY PARA SA MGA TAONG MAY AIDS (HOUSING OPPORTUNITIES FOR PERSONS WITH AIDS, HOPWA)**

Ibinibigay ang abiso para ipaalam na magsasagawa ang Board of Supervisors ng pampublikong pagdinig sa Marso 12, 2024, nang 9:00 a.m. sa Room 310 sa County Administration Center, 1600 Pacific Highway, San Diego, CA, para pag-usapan ang Taunang Plano para sa Taon ng Pananalapi na 2024-2025. Pag-uusapan ng Board ang iminumungkahing paggamit ng tinatayang: $4,227,770 na pondo ng Community Development Block Grant (CDBG); $3,496,403 na pondo ng HOME Investment Partnership (HOME); $370,070 na pondo ng Emergency Solutions Grant (ESG); at $6,240,872 na pondo ng Housing Opportunities for Persons with HIV/AIDS (HOPWA) na matatanggap ng County mula sa U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD). Pag-uusapan din ng Board ang iminumungkahing paggamit ng tinatayang $2,050,000 na mga kinita ng CDBG para sa Taon ng Pananalapi na 2024-25, HOME at HOPWA Program at ang pag-reallocate ng tinatayang $14,400,000 sa mga entitlement ng HOME, ESG, CDBG at HOPWA sa mga nakaraang taon. Ang mga bilang na ito ay batay sa mga antas ng pagpopondo sa nakaraang taon.

Inilalarawan ng Taunang Plano ang mga iminumungkaing aktibidad na popondohan mula sa Taon ng Pananalapi na 2024-25 at mga entitlement mula sa nakaraang taon, na dapat matugunan ang mga layuning itinatag sa Pinag-isang Plano para sa 2020-24.

Ang programa ng CDBG at ESG ay nagbibigay ng pondo sa unincorporated area ng County at ang mga lungsod ng Coronado, Del Mar, Imperial Beach, Lemon Grove, Poway, at Solana Beach, kilala rin bilang Urban County. Ang mga pondo ng CDBG ay dapat: (1) pakinabangan ng mga taong may mas mababang kita; (2) pigilan/alisin ang mga squatter at mga lugar na napakaraming tao; o (3) tugunan ang mga pangangailangan sa pagpapaunlad ng komunidad na kailangan na kailangan. Pinopondohan ng programa ng ESG ang tulong para sa walang tirahan sa Urban County. Pinopondohan ng programang HOME ang mga aktibidad sa abot-kayang pabahay sa loob ng County HOME Consortium. Kasama sa HOME Consortium ang Urban County, at ang mga lungsod ng Carlsbad, Encinitas, La Mesa, San Marcos, Santee, at Vista. Pinopondohan ng programang HOPWA ang pabahay/mga serbisyo para sa mga taong may HIV/AIDS at ang kanilang mga pamilya sa buong San Diego County.

Masusuri at mabibigyan ng komento ng publiko ang mga kopya ng mga draft na Plano, sa 30 araw na panahon para magbigay ng komento mula Pebrero 9, 2024 hanggang Marso 12, 2024, sa website ng County sa www.sdhcd.com. Ang mga taong kailangan ng tulong sa paglahok sa mga pagpupulong (halimbawa: hindi nagsasalita ng Ingles, may kapansanan sa pandinig, atbp.) ay dapat abisuhan ang HCDS limang araw bago ang pagpupulong. Para sa higit pang impormasyon, pakitawagan ang (858) 694-8724. Para sa tulong sa may kapansanan sa pandinig, pakitawagan ang (858) 694-8724.